# BOOM, TAYA!

*by:*
**Althea Marie C. Sacramento**
*Campus Journalist San Ramon Elementary School*

Ibang laro ang inuulat sa akin ng mundo. Walang mga tuntunin, walang uwian sa pagsapit ng dilim.

Sa pagitan ng buhay at kamatayan, nakipag-patintero ako. Walang kasiguraduhan sa kung kailan makakaligtas, kung kailan mahahablot. Natutunan ko rin makipag-piko sa kapalaran. Sa bawat lukso, dinadalangin huwag mapatid, madapa, o matamaan ang linyang naghuhudyat ng huling hantungan. Ayokong mataya gaya ng kung paano kami maghabulan sa tuwing tutumba ang lata. Patuloy na tatakbo, mag-tatago, habang nakapiring ang mga mata at kinakapa ang pag-asa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pasko na naman. Nakagawian natin na magsimba ng gabi sa tuwing papalapit na ang Pasko. Ngunit ngayon ay makulimlim ang langit. Walang mga bitwin na nagsilitawan, tila ba may nagbabadya. Hindi naman siguro magdudulot ng kamalasan ang pagkawala ng mga bituin.

Lalaban na sana ako subalit mas nanaig sa aking isipan ang nakakikilabot na ulat. Tatlumpu't dalawa… tatlumpu't dalawa... tatlumpu't dalawa… tatlumpu't dalawang indibidual ang nasawi sa nangyaring pagbaha ayon sa National Disaster Risk Reduction Council (NDRRMC). Labing isa ang sugatan habang dalawampu't apat ang nananatiling nawawala. Nung tinignan ko ang kalendaryo… Kapaskohan.

Sumabay ang pagpatak ng napakalakas na ulan sa paghagulgol ng mga pamilyang kanilang naiwan, sumabay ang pagkidlat sa poot na nadarama nila.

Sa pagitan ng buhay at kamatayan, ang tadhana ko ay mabuhay habang ang tadhana ng iba ay kamatayan. “Bakit ka pa nabuhay? Bakit hindi ka nalang namatay kagaya nila?” mga masasakit na salita na salitang nanggagaling sa ibang tao.

Ang akala ko paroroon ako sa lugar na maliwanag. Ngunit nagkamali ako, paroroon pala ako sa lugar na  puno ng dilim.

Ibang laro ang iminulat sa akin ng mundo. Walang mga tuntunin, walang uwian sa pagsapit ng dilim. Ayan na… kumaripas ka na ng takbo… ayan na si Kamatayan… rumaragasa… wala na tayong kawala… boom, taya!

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan